**Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa**




# PATNUBAY SA MISA

**7 Disyembre 2025 — Ika-2 Linggo sa Panahon ng Pagdating ng Panginoon — Taon A**

ARAW NG MGA KATOLIKONG MAY KAPANSANAN / PAMBANSANG ARAW NG AIDS

## IHANDA ANG DARAANAN NG PANGINOON!



*Habang patuloy tayo sa paghahanda para sa Pasko ng Pagsilang ni Hesus ngayong Ikalawang Linggo ng Adbiyento, pinaaalalahanan tayo ni San Juan Bautista na maghanda nang mabuti sa pagdating ng Panginoon sa pamamagitan ng pagbabago ng puso at paggawa ng kabutihan.*

*Alinsunod ng paalala ni San Pablo, magkaisa tayo sa pagmamahalan at pagtanggap sa isa't isa gaya ng ginawa ni Kristo, upang maparangalan natin ang Diyos nang may iisang puso at tinig.*

*Ngayon ay National AIDS Sunday at Catholic Handicapped Day. Ipagdasal natin ang mga may sakit ng AIDs at ang mga may kapansanan at makibahagi sa mga gawain ng Simbahan para sa kanilang kapakanan.*

### PASIMULA

#### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Sambayanan ng Maykapal,**
**narito ang hinihintay:**
**Poong sasagip sa tanan;**
**tinig n'ya'y mapapakinggan,**
**ang hatid n'ya'y kagalakan.**
***(Is 30, 19. 30)***

#### Pagbati

***P*–** Ang biyaya at kapayapaan ng Diyos Ama at ng Panginoong Hesukristo ay sumainyong lahat.
***B*– At sumaiyo rin.**

#### Pagsisisi

***P* –**Sa pagpapatuloy natin sa paghahanda para sa pagtanggap sa Panginoon sa ating mga puso, alalahanin nating muli ang marami nating mga pagkukulang at pangangailangang mapagaling ng pagpapatawad ng Diyos at mapasigla ng kanyang biyaya. *(Manahimik sandali.)*

***P* –**Panginoong Hesus, ikaw ang Mesiyas na naghahatid ng tunay na katarungan at kapayapaan. Patawarin ang aming panggugulang at kapusukan. Panginoon, kaawaan mo kami.
***B* –Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P* –**Panginoong Hesus, lagi mo kaming tinatanggap bagamat kami'y di karapat-dapat. Patawarin mo kami sa di namin pagtanggap sa aming kapwa. Kristo, kaawaan mo kami.
***B* –Kristo, kaawaan mo kami.**

***P* –**Panginoong Hesus, sa pamamagitan ni Juan Bautista, ginaganyak mong ituwid namin ang aming pamumuhay. Patawarin mo kami sa aming pagpili sa mga likong landas ng pagkakasala. Panginoon, kaawaan mo kami.
***B* –Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P* –**Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B* –Amen.**

#### Panalanging Pambungad

***P* –**Ama naming makapangyarihan at maawain, sa aming pagsalubong sa iyong Anak, huwag mong ipahintulot na maging hadlang ang aming mga pinagkakaabalahan. Turuan nawa kami ng kanyang karunungan upang kami ay kanyang makapiling kasama mo at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* –Amen.**

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** *Isa 11, 1-10*

*Sa mga taong binigo ng di-magandang gawain ng kanilang mga pinuno, iniharap ni Isaias ang larawan ng isang haring buhat sa angkan ni David, na puspos ng Espiritu ng Panginoon. Siya ang magiging ulirang Mesiyas/Haring magpapairal ng katarungan at kapayapaan sa buong mundo.*

Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias

**Sa araw na iyon: Sa lahi ni Jesse ay lilitaw ang isang hari, tulad ng supling mula sa isang tuod. Mananahan sa kanya ang espiritu ng Panginoon, bibigyan siya ng katalinuhan at pagkaunawa, ng kaalaman at kapangyarihan, ng karunungan at takot sa Panginoon. Kagalakan niya ang tumalima sa Panginoon. Hindi siya hahatol ayon sa nakikita, o batay sa narinig sa iba. Bibigyan niya ng katarungan ang mga dukha, ipagtatanggol ang karapatan ng mga kawawa. Ang salita niya'y parang tungkod na ipapalo sa malulupit, ang hatol niya'y kamatayan sa masasama. Katarungan at katapatan ang paiiralin niya sa kanyang pamamahala.**

**Maninirahan ang asong-gubat sa piling ng kordero, matutulog ang leopardo sa tabi ng batang kambing. Magsasama ang guya at ang batang leon, at ang mag-aalaga sa kanila'y batang paslit. Ang baka at ang oso'y magkasamang manginginain, ang mga anak nila'y magkakatabing matutulog. Kakain ng damo ang leon na animo'y toro.**

**Maglalaro ang batang pasusuhin sa tabi ng lungga ng ahas. Hindi maaano ang bata kahit laruin ang ulupong. Walang mananakit o mami-minsala sa nasasaklaw ng banal na bundok; sapagkat kung paanong puno ng tubig ang karagatan, laganap sa buong lupain ang pagkilala sa Panginoon.**


**Sa araw na iyon, isisilang ang hari mula sa lahi ni Jesse, ang magiging palatandaan para sa mga bansa. Ang mga baya'y tutungo sa banal na lunsod upang parangalan siya, at magiging maningning ang kanyang luklukan.**

Ang Salita ng Diyos.
***B* – Salamat sa Diyos.**

**Salmong Tugunan**
*Sal 71, 2. 7-8. 12-13. 17*

***B* –Mabubuhay S'yang marangal at sasagana kailanman.**

*R. M. Velez*




* **Turuan mo yaong haring humatol ng katuwiran, sa taglay mong katarungan, O Diyos, siya'y bahaginan; upang siya'y maging tapat mamahala sa 'yong bayan, at pati sa mahihirap, maging tapat siyang tunay. *B.***

* **Yaong buhay na mat'wid sa kanyang kapanahunan, madama ng bansa niya at umunlad habang buhay. Yaong kanyang kaharian ay palawak nang palawak, mula sa Ilog Eufrates, sa daigdig ay kakalat. *B.***

* **Kanya namang ililigtas ang sinumang tumatawag, lalo yaong nalimot nang mga taong mahihirap; sa ganitong mga tao siya'y lubhang nahahabag; sa kanila tumutulong, upang sila ay maligtas. *B.***

* **Nawa yaong kanyang ngalan ay h'wag nang malimutan, manatiling laging bantog na katulad nitong araw; nawa siya ay purihin ng lahat ng mga bansa, at sa Diyos, silang lahat dumalanging: "Harinawa, pagpalain kaming lahat, tulad niyang pinagpala." *B.***

**Ikalawang Pagbasa** *Ro 15, 4-9*

*Sa pagwawakas ng kanyang liham sa mga Kristiyanong taga-Roma, idinalangin para sa kanila ni Apostol San Pablo ang magandang pakikitungo at pagtanggap sa isa't isa – dalawang katangiang marapat din nating angkinin sa paghahanda para sa Pasko.*

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

**Mga kapatid:**

**Anumang nasa Kasulatan noon pang una ay nasulat sa ikatututo natin, sapagkat lumalakas ang ating loob at nagkakaroon ng pag-asa kapag binabasa natin ang mga aral na matatagpuan dito. Loobin nawa ng Diyos na nagpapatatag at nagpapalakas ng loob, na mamuhay kayong may pagkakaisa kay Kristo Hesus. Sa gayon, sama-sama kayong magpuri sa Diyos at Ama ng ating Panginoong Hesukristo.**

**Kung paanong kayo'y malugod na tinanggap ni Kristo, gayon din ang gawin ninyo sa isa't isa upang maparangalan ninyo ang Diyos.**

**Sinasabi ko sa inyo: si Kristo'y naging lingkod ng mga Judio upang ipakilala na tapat ang Diyos at tinutupad ang mga pangako niya sa mga patriyarka, at ang mga Hentil nama'y magpuri sa Diyos dahil sa kanyang habag. Ayon sa sinasabi ng Kasulatan, "Kaya't papupurihan kita sa harapan ng mga Hentil, at aawitan ko ang iyong pangalan."**

Ang Salita ng Diyos.
***B* – Salamat sa Diyos.**

**Aleluya** *Lu 3, 4.6*

***B* –Aleluya! Aleluya!**
**Daan ng Poong nar'yan na,**
**t'wiri't ihanda sa kanya.**
**Pagtubos n'ya'y makikita.**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** *Mt 3, 1-12*

*Malinaw at tuwiran si Juan Bautista sa kanyang panawagan para sa pagbabalik-loob habang ipinaaalaala niyang bawat punong di mamunga ay marapat putulin at sunugin. Walang sinumang dapat magsamantala sa pasensiya ng Diyos.*

***P*** – Sumainyo ang Panginoon.
***B* –At sumaiyo rin.**
***P* –**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
***B* –Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, si Juan Bautista'y dumating sa ilang ng Judea at nagsimulang mangaral. Sinabi niya, "Pagsisihan ninyo't talikdan ang inyong mga kasalanan, sapagkat malapit nang maghari ang Diyos!" Si Juan ang tinutukoy ni Propeta**

**Isaias nang sabihin nito, "Ito ang sabi ng isang sumisigaw sa ilang: 'Ihanda ninyo ang daraanan ng Panginoon. Tuwirin ninyo ang kanyang mga landas!' "**

**Hinabing balahibo ng kamelyo ang damit ni Juan, at balat ang kanyang pamigkis. Ang kanya namang pagkai'y balang at pulot-pukyutan.**

**At pumunta sa kanya ang mga taga-Jerusalem, taga-Judea, at mga naninirahan sa magkabilang panig ng Jordan. Ipinahayag nila ang kanilang mga kasalanan, at sila'y bininyagan ni Juan sa Ilog Jordan.**

**Ngunit nang makita niyang marami sa mga Pariseo at mga Saduseo ang lumalapit upang pabinyag, sinabi niya sa kanila, "Kayong lahi ng mga ulupong! Sino ang nagbabala sa inyo upang tumakas sa parusang darating? Ipakilala ninyo sa pamamagitan ng inyong pamumuhay na kayo'y nagsisisi. At huwag ninyong ipangahas na kayo'y anak ni Abraham. Sinasabi ko sa inyo: Ang Diyos ay makalilikha ng mga tunay na anak ni Abraham mula sa mga batong ito. Ngayon pa'y nakaamba na ang palakol sa ugat ng punongkahoy; ang bawat punongkahoy na hindi mabuti ang bunga ay puputulin at ihahagis sa apoy. Binibinyagan ko kayo sa tubig bilang tanda ng pagsisisi ninyo't pagtalikod sa inyong mga kasalanan; ngunit ang dumarating na kasunod ko ang magbibinyag sa inyo sa Espiritu Santo at sa apoy. Siya'y makapangyarihan kaysa akin, hindi ako karapat-dapat kahit tagadala ng kanyang panyapak.**

**Hawak niya ang kanyang kalaykay upang alisin ang dayami. Titipunin niya sa kamalig ang trigo, ngunit ang ipa'y susunugin sa apoy na di-mamamatay kailanman."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

*B* –**Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

### Homiliya

### Sumasampalataya

*B* – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

### Panalangin ng Bayan

*P* –Sa hamon ni San Juan Bautistang patunayan natin ang hangad nating higit na magpakabuti, kailangan natin ang tulong ng Panginoon sa ganitong mahalagang pagsisikap. Buong kababaang-loob at katapatan tayong manalangin:

*B* –**Panginoon, pakinggan Mo kami.**

* Nawa ang buong Simbahan ay magpatuloy sa diwa ng pagbabagong loob at katapatang makabawi sa mga nagawang kasalanan ng kanyang mga kasapi. Manalangin tayo. ***B.***

* Nawa lahat ng pinuno ng Simbahan ay magtamo ng kagitingan at kababaang loob ni Juan Bautista sa pangangaral sa kanilang mga kawan at gabayan tayo ng kanilang ulirang pamumuhay. Manalangin tayo. ***B.***

* Nawa lahat ng may kapansanang pisikal ay palakasin ng kanilang pananalig sa pag-ibig ng Diyos at maging inspirasyon sila sa iba kung paano magpasalamat sa Diyos sa lahat ng biyayang natatanggap mula sa kanya. Manalangin tayo. ***B.***

* Nawa ang mga may HIV/AIDS ay patuloy na umasa kay Hesus sa kabila ng kanilang karamdaman, at sila nawa ay bigyan ng pangangalagang tulad ng kay Kristo, ng mga taong nagmamalasakit sa kanila. Manalangin tayo. ***B.***

* Nawa bawat isa sa atin, ang ating mga mag-anak, at mga pangkat na kinabibilangan ay makaiwas sa anumang makahahadlang sa ating pagtanggap kay Hesus. Manalangin tayo. ***B.***

*P* –Diyos Ama, bukal ng lahat ng buti at biyaya, dalisayin ang aming mga layunin at tibayan ang aming mga kalooban upang lahat ng aming gawin sa Adbiyentong ito ay maging para sa higit Mong kaluwalhatian at ikabubuti ng aming mga pamayanan. Isinasamo namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

*B* –**Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

*P* – Manalangin kayo . . .

*B* – **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

*P* –Ama naming Lumikha, kalugdan mo ang aming mga panalangin at alay. Sa anumang kakulangan ng aming abang nakayanan, nawa'y ang pag-ibig mo ang magbigay-kapupunan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

*B* – **Amen.**

### Prepasyo ng Adbiyento I

*P* –Sumainyo ang Panginoon.

*B* –**At sumaiyo rin.**

*P* –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

*B* –**Itinaas na namin sa Panginoon.**

*P* –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

*B* –**Marapat na siya ay pasalamatan.**

*P* –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na

ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya'y isinugo mo upang matupad ang iyong magandang balak para sa lahat. Hindi niya ikinahiyang mamuhay nang mahirap upang mapakisamahan niya kaming matapat. Siya'y naging hindi na iba sa amin upang maitampok niya kami sa iyong piling. Sa kanyang lantarang muling pagdating, ang pakikisama niya'y puspusang magniningning at ang pangako niyang kapana-panabik ay inaasahan naming lubos na makakamit.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*–Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan.**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan.**

### Pagbubunyi

***B*– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

## PAKIKINABANG

***B*– Ama namin . . .**

***P*–** Hinihiling namin . . .

***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B* –Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Lunsod ng kapayapaan,**
**tumayo ka at magdiwang.**
**Narito ang kagalakang**
**lumalapit sa 'yong tunay**
**nanggagaling sa Maykapal.**

***(Bar 5, 5; 4, 36)***

### Panalangin Pagkapakinabang

***P*–**Ama naming mapagmahal, kaming pinapakinabang mo sa iyong banal na salu-salo ay turuan mong kumilala sa layunin ng iyong mga nilikhang bagay na dapat naming gamitin upang kami ay sumapit sa iyong piling sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*– Amen.**

## PAGWAWAKAS

***P*–**Sumainyo ang Panginoon.

***B*–At sumaiyo rin.**

***P*–**Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik sandali.)*

–Palakasin at dalisayin kayo ng pagpapatawad ng makapangyarihang Diyos sa inyong paghahanda para sa Kanyang Anak na nagkatawang-tao.

***B*–Amen.**

***P*–**Puspusin Niya kayo ng Kanyang pag-asa sa panahong ito ng paghahanda para sa Pasko.

***B*–Amen.**

***P*–**Itulot nawa ng Diyos na kayo'y maging laging matatag sa pananalig, masaya sa pag-asa, at walang pagod sa pagmamahal.

***B*–Amen.**

***P*–**Pagpalain kayo ng Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

***B*–Amen.**

***P*–**Humayo kayo sa kapayapaan at maghanda ng matuwid na landas para sa Panginoon.

***B*–Salamat sa Diyos.**




WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

# ANG ADBIYENTO: PAGLALAKBAY NG DALAWANG PAG-IBIG

*• Jess P. Balon*

Ang panahon ng Adbiyento ay parang paglalakbay tungo sa Betlehem upang salubungin si Hesus. Ngunit higit pa rito, ito rin ay paglalakbay ng Diyos patungo sa atin. Ang Pasko ay ang pagtatagpo ng dalawang paglalakbay—ang sa Diyos na nagmamahal at ang sa atin na umaasang makabalik sa Kanya.

Mula pa noong una, ang Diyos ay patuloy na lumalapit sa tao—mula kay Abraham hanggang kay Moises at sa mga propeta hanggang sa Kanyang Anak na nagkatawang-tao. Sa kabila ng pagtanggi at kasalanan ng sangkatauhan, hindi Siya tumigil sa paghahanap at pagmamahal sa atin. Ang pagdating ni Hesus ay bunga ng dakilang paglalakbay at paglapit ng Diyos sa atin upang tayo'y iligtas.

Ngunit kailangang tugunan din natin ang paglapit ng Diyos. Tulad ng alibughang anak, kailangan nating magbalik-loob—talikdan ang kasalanan at mamuhay bilang tunay na anak ng Diyos. Anupa't ang buhay nati'y dapat maging paglalakbay tungo sa sumisikat na Araw ng pananahan ng Diyos, nananabik sa liwanag ng Kanyang biyaya, ginhawa ng Kanyang pagpapatawad, init ng Kanyang yakap, kagalaka't kapayapaan ng Kanyang pakikipagkaibigan.

Para sa mga naniniwalang di naman sila tunay na makasalanan, ang Adbiyento ay isang hamon din – hamong magbukas ng kanilang mga puso, tulad ni Maria, at tulutan ang Espiritu Santong hubugin sa kanila ang Salitang nagkatawang-tao. Ito ang pinakamahalagang kundisyon para maganap ang Pasko, pagkat si Kristo'y isisilang lamang sa buhay ng mga magbubukas ng kanilang puso sa kanya, tulad ng ginawa ni Maria ng Nazaret. Dito nagtatapos ang dalawang paglalakbay at nagsisimula naman ang dakilang pagtatagpo.

